

TRAINING MODULE
HINGGIL SA

KASUNDUAN SA
AGRIKULTURA NG
WORLD TRADE
ORGANIZATION



Rice Watch and Action Network

Karapatang Sipi @ 2006
Rice Watch and Action Network

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Ang training module na ito ay inilimbag ng
Rice Watch and Action Network
Patnugutan: Aurora A. Regalado at Jessica Reyes-Cantos
Panulat at Saliksik: Maria Dolores Bernabe
Disenyo: Nonoy Regalado
Mga larawan: Nonoy Regalado at MODE
Pangangasiwa sa produksyon: Hazel Tanchuling

NILALAMAN

PAUNANG SALITA	5
PAMBUNGAD	7
Module 1	
MGA HALIGI NG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA	11
Module 2	
MGA PUNA AT EPEKTO NG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA	19
Module 3	
ANG JULY FRAMEWORK AGREEMENT AT ANG MGA USAPIN PATUNGO AT PINAGKAISAHAN SA MC6	27
TALAAAN NG MGA IMPORTANTENG SALITA	41

PAUNANG SALITA

Masalimuot ang usaping agrikultura. Higit na nagiging masalimuot ito kapag ipinasok na sa usapin ang tinatawag na *Agreement on Agriculture* (Kasunduan sa Agrikultura) na nakapaloob sa *General Agreement on Tariffs and Trade - World Trade Organization* 1995 (GATT-WTO 1995).

Subali't kami ay naniniwala na upang maging tunay na makabuluhan ang partisipasyon ng mga batayang sektor sa pagbabago ng lipunan, mahalagang maunawaan nila ang kasalukuyang kalagayan, mga polisiyang nakakaapekto sa kanilang industriya at ang mga hakbanging maaari nilang tunguhin mula roon.

Ang *training module* na ito ay munting ambag ng *Rice Watch and Action Network* (R1) sa unang dalawang nabanggit na may partikular na diin sa WTO at agrikultura. Umaasa kami na matapos ito, magkakasama-sama at magkakaisa tayo sa mga hakbanging ating tatahakin upang mabago ang hindi pantay na kasunduan sa WTO pati na rin ang mga kasalukuyang polisiya ng ating pamahalaan hinggil sa agrikultura. Sana po ay makatulong ito sa ating pinag-isang adhikaing paunlarin ang kabuhayan ng maliliit na magsasaka ng ating bansa.

Umaasa din po kami na patuloy tayong magkakatulongan sa mga darating na panahon sapagka't hindi natapos ang laban sa pulong ng WTO *Ministerial* sa Hong Kong noong Disyembre 2005.

Mag-iisang taon na din po ang *Rice Watch and Action Network* simula noong ilang grupo – na aking tinatawag na pinaglahok na “armchair farmers” at “practicing agriculturists” na dati nang nagtutulong-tulong – ay pormal na nagpulong upang bumuo ng isang *network* at programa para sa pinakamalaking sektor sa loob ng agrikultura, ang magsasaka ng palay. Hayaan ninyong batiin ko sa pamamagitan ng pahinang ito ang ating mga kasama. Maligayang unang taong anibersaryo!

Salamat po.

Jessica Reyes-Cantos
Lead Covenor
Rice Watch and Action Network
Pebrero 2006

PAMBUNGAD

Kapag pinag-uusapan ang importasyon, marahil parati nating nadidinig ang mga salitang WTO o *World Trade Organization*, GATT o *General Agreement on Tariffs and Trade*, o di kaya naman ay ang AoA o *Agreement on Agriculture*. Ang mga salitang ito ay karaniwang nababanggit kapag napag-uusapan ang importasyon at pag-eksport dahil malaki ang kinalaman nito kaugnay sa pagbuo at pagpapatupad ng mga polisiya hinggil sa pandaigdigang kalakal.

Sa *training module* na ito ay pag-aaralan natin ang Kasunduan sa Agrikultura o *Agreement on Agriculture*. Titignan natin ang nilalaman ng kasunduan na ito at ang naging epekto nito sa Pilipinas lalo na sa maliliit na magsasaka, magbababoy, maggugulay at iba pa. Bukod dito, makikibalita rin tayo sa mga pinakahuling kaganapan sa loob ng WTO, lalo na sa patuloy na talakayan sa pagitan ng mga mauunlad na bansa (*developed countries*) at papaunlad na bansa (*developing countries*).

Pero bago iyan, babalikan muna natin kung kailan at paano napasama ang Pilipinas sa GATT at WTO.

Kasaysayan ng GATT

Ang *General Agreement on Tariffs and Trade* ay isang kasunduan ng mga bansa na siyang naglalatag ng mga batas o alituntunin kaugnay sa pandaigdigang kalakal. Ang kasunduang ito ay unang itinatag noong 1947 sa Bretton Woods, kasabay na pagtatatag ng *World Bank* at ng *International Monetary Fund* (IMF-WB).

Ang Pilipinas ay nagsimula bilang *observer* sa GATT noong 1973. Naging ganap na kasapi tayo noon lamang 1980. Bilang kasapi, nakasama tayo sa ginawang negosasyon sa pangwalo at pinakamalawakang pulong para sa GATT. Ito ay ang *Uruguay Round* na nagsimula noong 1986 at

natapos lamang noong 1994. Inabot ang negosasyon ng walong taon dahil naging napakakomprehensibo ang ginawang pag-uusap sa *Round* na ito. Sa *Round* na ito niluwal ang labing-isang kasunduan kaugnay sa kalakal. Kabilang na rito ang Kasunduan sa Agrikultura.

Pormal na niratipikahan ng Pilipinas ang GATT noong ika 15 ng Abril 1994. Kasabay ng paglagda ng Pilipinas sa GATT ay ang pagtanggap nito sa lahat ng mga kasunduang nakapaloob dito. Isa sa mga kasunduang ito ay ang tinatawatag na *Marrakesh Agreement*. Ang kasunduang ito ang siyang nagtatag ng WTO.

Ayon sa nasabing kasunduan, ang WTO ay itinayo upang mangasiwa sa implementasyon ng mga kasunduang naging resulta ng *Uruguay Round*. Ito rin ang ang siyang nagpapatupad na mga alituntunin kaugnay ng *dispute settlement* o 'di pagkakaintindihan sa pagitan ng mga bansa hinggil sa pagpapatupad ng mga kasunduan. Sa ilalim kasi ng WTO, maari mong kasuhan ang mga bansang lumabag sa mga kasunduan.

Mga pangkalahatang prinsipyong gumagabay sa GATT-WTO

Ang paglagda ng Pilipinas sa GATT ay nagsisilbing pagsang-ayon ng pamahalaan sa mga pangkalahatang prinsipyong gumagabay sa implemetasyon ng GATT. Ito ay ang prinsipyo ng *most favoured nation, national treatment at single undertaking*.

Sa ilalim ng prinsipyong *Most Favoured Nation* (MFN), ang bawat bansang kasapi ng WTO ay inaasahang magpatupad ng pantay o iisang polisiyang pangkalakal sa lahat ng miyembro ng WTO. Halimbawa, sa kaso ng Pilipinas, ang polisiya nito para sa Estados Unidos ang siya rin dapat na maging polisiya nito sa iba pang bansang nasa ilalim ng WTO. Hindi ito maaring magbigay ng mas paborableng polisiya sa isang bansa at ipagkait naman ito sa iba.

Ang MFN ay mahalaga sa pagbubuo ng tinatawag na *multilateral trading system* o isang sistema kung saan ang lahat ng mga bansang kasama rito ay sumusunod sa iisa o unipormeng patakaran. Kaiba ito sa tinatawag na *bilateral trading system* kung saan naman ang patakaran kaugnay sa kalakal ay nabubuo lamang sa pagitan ng dalawang bansa. May nagsasabi na mas mainam ang *multilateral trading system* sapagkat iisa, pantay at klaro ang polisiyang sinusundan ng lahat. Sa ilalim daw kasi ng *bilateral trading system*, karaniwang ginagamit ng isang mayamang bansa ang kanyang kapangyarihan - pampulitikal, pangmilitar o pang-ekonomiya - upang makakuha ng kasunduan na mas pabor sa interes nito, bagay na kinalulugi naman ng kanyang kausap na bansa.

Ang prinsipyo naman ng *National Treatment* ay siyang nagsisiguro na ang polisiyang ginagamit ng isang bansa para sa kanyang sarili ay siya

ring polisiya na gagamitin nito para sa bansang kasapi ng WTO. Halimbawa, kung ipagbabawal ng Pilipinas ang pagpasok ng produkto na may mataas na antas ng *aflatoxin*, dapat ipakita nito na ipinagbabawal ito maging sa lokal na prodyuser na mga ganitong problema sa kanilang produkto. Ang prinsipyo ng *national treatment* ay alinsunod pa rin sa mithiin ng WTO na magtatag ng pantay na sistema ng kalakal sa lahat ng kasapian nito.

Ang prinsipyo naman ng *single undertaking* ang siyang nagtatali sa mga bansang miyembro ng WTO sa lahat ng kasunduang nabuo sa *Uruguay Round*. Kapag sumang-ayon ka sa GATT, nangangahulugan na tanggap mo lahat ng kasunduan nito. Hindi ka maaring mamili ng ilang kasunduan at tumanggi naman sa iba. Sa ganitong paraan, naging komprehensibo ang naging programa ng liberalisasyon ng WTO sa pandaigdigang kalakal.

Mga pang-ekonomiyang teoryang gumagabay sa WTO

Layunin ng WTO na makamit ang tinatawag na *free trade* o ang malayang pagdaloy ng produkto at serbisyo sa bawat bansa. Kapag wala daw kasing sagabal sa pagdaloy ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng mga bansa, magiging mas episyente ang produksyon, mas mura ang bilihin at mas mabuti ang kabuhayan ng mga mamamayan. Ang ganitong paniniwala ay mauugat sa dalawang pang-ekonomiyang teorya na siyang gumagabay sa konsepto ng *free trade*.

Ang una ay ang tinatawag na teorya ng *comparative advantage*. Ayon sa teoryang ito, mayroong mga ekonomiya na may *comparative advantage* o mas episyente sa paggawa o paglikha ng partikular na produkto kumpara sa ibang bansa. Dahil episyente siya, mas malaki ang kanyang nagiging produksyon at mas mababa ang kanyang gastos o *cost of production*. Dahil dito, mas mura niya ring naibebenta ang produkto sa kanyang mamimili, bagay na pabor sa mga konsumer.

Dito pumapasok ang pangalawang pang-ekonomiyang teorya na batayan ng *free trade* - ang teorya ng *increasing economies of scale*. Nangangahulugan ito na kapag mas malakihan ang antas ng produksyon, mas marami ang nalilikha sa bawat dagdag na *input* tulad ng lupa, kapital o teknolohiya. Dahil dito, mas mataas ang antas ng produksyon, lumalabas na mas episyente ang produksyon at mas maliit ang gastos.

Dahil sa mga teoryang ito, sinasabi ng mga ekonomista na imbis na maglayon ang bawat bansa na magkaroon ng produksyon ng lahat ng bagay, mas mainam na tumutok na lamang ito sa produksyon ng mga bagay kung saan ito mayroong *comparative advantage*. At upang makinabang ang iba pang mga bansa sa bentahe ng episyente niyang produksyon, dapat walang sagabal sa pagpasok ng kanyang produkto sa iba pang mga bansa. Gayundin, ang pagbubukas niya ng kanyang ekonomiya

ANG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA

sa ibang bansa ay magbibigay naman sa kanya ng akses sa murang produkto ng mga ito. Sa ganitong sistema, marami diumano ang makikinabang. Panalo diumano ang mga mamimili dahil magiging mas mababa ang presyo. Panalo din ang mamamayan dahil magiging mas mataas ang kalidad ng kanilang buhay.

Module 1

MGA HALIGI NG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA

Sa kasulukuyan, ang mga usapin kaugnay sa Kasunduan sa Agrikultura ay umiikot sa tatlong haligi o *pillars*. Ito ay ang *market access*, *domestic support* at *export competition*.

1. Market Access

Sa ilalim ng *market access* tinatalakay ang liberalisasyon o pagbubukas ng mga merkado ng bawat bansang kasapi sa WTO. Masasabi na tatlong pangunahing polisiya ang ibinunsad ng kasunduan kaugnay sa *market access*. Ito ay ang:

Pagsasataripa ng quantitative restrictions

Ang *quantitative restrictions* o QRs ay tumutukoy sa restriksyon o pagbabawal sa pagpasok ng importasyon sa merkado ng isang bansa maliban na lamang kung may pahintulot ng pamahalaan. Ito ay karaniwang ginagamit ng isang bansa upang bigyang proteksyon ang prodyuser nito mula sa kompetisyong dulot ng mga inangkat na produkto. Kung may QRs, karaniwang nag-iimport lamang ang isang bansa kung hindi sapat ang lokal na produksyon ito.

Pero dahil nga ang layunin ng WTO ay gawing malaya ang pagdaloy ng mga produkto sa pagitan ng mga bansa, isa sa mga pangunahing dulot ng pagraratipika natin ng GATT at pagsali sa WTO ay ang pagtatanggal ng QRs at ang pagpapalit nito ng taripa.

Ang taripa ay tumutukoy sa buwis na dapat ibayad ng isang importer para sa inangkat niyang produkto. Mas mataas ang taripa o buwis, mas mahal ang kakalabasan ng inangkat na produkto kapag binenta sa lokal na merkado. Halimbawa, kung ang isang kilo ng mais ay limang piso at ang taripa ay 100%, ang importer ay dapat magbayad ng P5 (ang 100% ng P5 ay P5 rin) sa pamahalaan para sa kanyang inangkat na produkto. Dahil

dito, natural lamang na bawiin ng importer ang pinataw niyang taripa, kung kaya't malamang ay hindi bababa sa P10 (P5 puhunan sa mais at P5 pinambayad niya sa taripa) ang magiging presyo niya sa inangkat niyang mais.

Ang pagtatanggal ng Pilipinas ng QRs sa halos 93 produktong agrikultural ay katumbas ng pagbubukas ng ating merkado sa importasyon. Dahil dito, kahit sino ay maaring umangkat ng produktong agrikultural basta kaya nitong magbayad ng taripa.

Pagbabawas ng taripa

Ang taripa, na siyang nagsisilbing kapalit na proteksyon ng mga lokal prodyuser laban sa mga *imported* na produktong agrikultural, ay nakaprograma namang unti-unting lumiit ayon na rin sa kasunduan sa agrikultura. Ang mga papaunlad na bansa ay obligadong bawasan ang kanilang taripa mula 10% hanggang 24 % sa loob ng 10 taon. Samantala, ang mga mayayamang bansa naman ay dapat magbawas ng taripa katumbas ng 15% hanggang 36% sa loob naman ng 6 na taon.

Kaugnay nito, ang bawat bansa ay mayroong tinatawag na *schedule of commitments* kung saan nakalagay ang pinangako nitong antas ng taripa na gagamitin para sa kanyang mga produktong agrikultural. Mayroon itong tinatawag na *beginning rate* at *end* o *bound rate* na siyang tumutugma sa pinakamataas na taripang maaring gamitin sa una at huling taon ng implementasyon.

Marahil parati nating nadidinig ang salitang *bound rate* at *ang applied rate*. Kung *ang bound rate* ay tumutukoy sa pinakamataas na taripa na maaring gamitin ng isang bansa sa ikahuling taon ng kanyang implementasyon, ang *applied rate* naman ang aktwal na taripa na ginagamit ng isang bansa. Ito ay karaniwang mas mababa kumpara sa *bound rate*. Sa Pilipinas, sinasabi na sabik tayo sa liberalisasyon. Ito'y dahil kadalasang mababa ang ating *applied tariff rate* kumpara sa *bound rate*. Halimbawa sa kaso ng maggulay, maari tayong magpataw ng 40% na taripa ayon sa ating iskedyul, pero may panahon na ang ginagamit nating taripa ay 7% lamang.

Muli, ang programa ng pagbabawas ng taripa ay tungo sa adhikain diumano ng WTO na maging lubos na malaya ang daloy ng mga produkto sa bawat bansang kasapi nito.

Tariff Rate Quotas (TRQs)

Sa loob ng WTO, may pagkilala na ang patuloy na paggamit ng matataas na taripa ay taliwas sa mithiin ng *free trade*. Ito ang dahilan kung bakit mayroong tinatawag na *tariff rate quotas*. Ito ay tumutukoy sa dami

o laki (*volume*) ng produkto na maaring angkatin ng isang bansa sa mas mababang taripa. Ito rin ang tinatawag na *minimum access volume* o MAV.

Ang dami o laki ng produktong maaring angkatin sa mas mababang taripa ay katumbas ng 3% ng konsumpyon ng nasabing produkto noong taong 1986-1988. Ito ay nakaprogramang tumaas sa mga sumusunod na taon.

Special Safeguard Measures (SSM)

Ang Kasunduan sa Agrikultura ay may probisyong *Special Safeguards Mechanism* upang bigyan proteksyon daw ang ang mga prodyuser sa maaring biglang pagdami ng importasyon at biglang pagbaba ng presyo. Binibigyan ng mekanismong ito ang mga bansa na magpataw ng dagdag na buwis sa mga pagkakataon na ang dami o laki ng importasyon ay umabot sa *trigger volume* o di kaya ang presyo ng produkto ay makaabot sa *trigger price*. Ang *trigger volume* at *trigger price*, maging ang dagdag na buwis ay nakabatay sa pormula na nakasaad na sa kasunduan.

Ang SSG ay maaring gamitin maging ng mga mauunlad na bansa.

Implementasyon ng probisyon kaugnay ng market access sa Pilipinas

Maraming mga batas ang kinailangang baguhin ng Pilipinas upang masunod ang probisyon ng Kasunduan sa Agrikultura. Karaniwan sa mga batas na ito ay nagbibigay ng proteksyon sa ating mga lokal na prodyuser, lalo na sa mga maliit na magsasaka, sa pamagitan ng pagbabawal ng importasyon kung mayroong sapat na suplay mula sa lokal na produksyon.

Ang mga batas na kinailangang baguhin ng Pilipinas ay ang mga sumusunod:

- ❖ RA 7607 - *Magna Carta for Small Farmers*
- ❖ RA 1296 - *An act prohibiting the importation of onions, potatoes, garlic and cabbage, except for seedling purposes, and to provide penalties for the violation thereof*
- ❖ RA 2172 - *An act to prohibit the importation of coffee*
- ❖ RA 1297 - *An act to prohibit the importation of beef and beef products*
- ❖ RA 7308 - *Seed Industry Development Act*

Dahil sa pagsunod natin sa GATT, hindi bababa sa 93 produkto na dating may QRs ang pinalitan natin ng katapat na taripa. Ayon sa iskedyul na isinumete ng Pilipinas sa WTO, 100% lamang ang pinakamataas na taripa ang maaari nitong ipataw sa mga produktong aangkatin. Ito kumbaga ang ating *maximum* o pinakamataas na *beginning rate*. Samantala, halos

lahat ng ating produkto ay may *bound rate* na mula 50% hanggang 40% taripa sa huling taon ng implementasyon. Ibig sabihin, naging mas mabilis pa sa 15% to 24% na hinihinging pagbabawas taripa ng WTO ang ipinatupad ng Pilipinas.

2. Domestic Support

Isa sa mga sinasabing layunin ng WTO ay ang pagbabawas ng suporta na mayroong direktang epekto sa kalakal. Ang ganito raw uri ng suporta ay taliwas sa teorya ng *comparative advantage* dahil tinutulungan nitong mabuhay ang mga sektor kahit hindi sila episyente.

Ang bahagi ng kasunduan sa agrikultura kaugnay ng *domestic support* ay nakatutok sa pagbabawas ng mga uri ng suporta na sinasabing nakakaimpluwensya sa kalakal (*trade distorting* ang karakter.

Ang *domestic support* ay tumutukoy sa kabuoang tulong na ibinibigay ng bansa sa mga prodyuser nito sa agrikultura. Ito ay nahahati sa tatlong kahon: ang *amber box*, *blue box* at *green box*.

Ang Amber Box

Ang *Amber Box* ang tumutukoy sa lahat na suportang may epekto sa kalakal at produksyon. Ito rin ay tinatawag na AMS o *Aggregate Measure of Support*. Halimbawa nito ay ang suporta sa presyo, kung saan naglalaan ang pamahalaan ng pondo para sigurodahin na ang presyo ng isang produkto ay hindi bababa sa isang partikular na antas. Isa pang halimbawa ay ang pagbibigay ng insentibo sa isang prodyuser batay sa dami ng kanyang produksyon. Sinasabi na ang ganitong uri ng suporta ay nakakaapekto sa kalakal at produksyon. Hinihikayat kasi nito ang prodyuser na magpatuloy sa paglikha, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng garantiya ng mataas na presyo o di kaya'y insentibo sa mataas na produksyon kahit na hindi naman siya episyente.

Ang bawat bansa ay may iskedyul ng pagbabawas ng *amber box*, batay sa isinumite nito noong negosasyon hinggil sa kasunduan sa agrikultura.

De Minimis

Ang *de minimis* ay ang suportang ibinigay ng isang bansa sa kanyang prodyuser ayon sa porsyento nito sa kabuoang produksyon sa agrikultura. Para sa mga papaunlad na bansa, ang *de minimis* ay katumbas ng 10% ng kabuoang produksyon. Para naman sa mga mauunlad na bansa ito ay nasa 5%. Sa kaso ng Pilipinas, halimbawa, kung 10 bilyon ang halaga ng kabuoang produksyon sa agrikultura, maari itong magbigay ng katumbas sa 10% o 1 bilyon na suporta sa agrikultura.

Mayroong dalawang klase ng *de minimis*. Ang una ay ang *product specific de minimis* kung saan ang suporta para sa isang produkto ay nakabatay sa porsyento ng kabuang produksyon nito. Halimbawa, kung ang kabuang produksyon ng mais ay 5 bilyon, maaring magbigay ang Pilipinas ng PhpP500 milyon bilang suporta sa mga magsasaka ng mais. Ang pangalawa ay ang *non-product specific de minimis* na nakabatay naman sa kabuoang produksyon ng agrikultura, tulad ng pinakita kanina.

Ang *de minimis* ay binabawas sa komputasyon ng mga suporta sa ilalim ng *amber box* kung kaya't hindi ito kasama sa iskedyul ng pagbabawas.

Ang Blue Box

Ang *Blue Box* naman ang siyang naglalaman ng mga *production limiting programs* ng mga bansa. Ito ay tumutukoy sa mga programa na naglalayong paliitin ang produksyon. Halimbawa nito ay ang tinatawag na mga *land set aside programs* kung saan binabayaran ng pamahalaan ng isang bansa ang mga prodyuser nito upang huwag ng taniman ang kanilang lupa. Karaniwan itong ginagawa upang masiguro na hindi babagsak ang presyo ng isang partikular na produkto dahil sa labis na produksyon.

Ang Green Box

Ang *Green Box* naman ang tumutukoy sa grupo ng suporta na sinasabing wala daw direktong epekto sa produksyon at kalakal. Karaniwan itong tumutukoy sa mga pangkalahatang programa ng isang bansa para sa pagpapaunlad ng agrikultura. Halimbawa nito ay ang alokasyon para sa patubig, pananaliksik, mga imprastruktura tulad ng *farm to market roads* at iba pa.

Kabilang din sa *green box* ang mga tinatawag na *direct payments* o direktong pagbibigay ng kabayaran sa mga magsasaka. Ayon sa kasunduan sa agrikultura, walang problema sa pagbibigay ng kabayaran sa mga magsasaka at iba pang prodyuser kung ito ay bahagi sa alinmang sumusunod na programa ng pamahalaan:

- ❖ *crop insurance*
- ❖ programa para sa pagreretiro ng mga magsasaka
- ❖ tulong kaugnay ng *structural adjustment programs*
- ❖ programang pangkalikasan
- ❖ programang tulong sa ilang mga rehiyon

Marami ang nagsasabi na dapat tanggalin ang *direct payments* sa ilalim ng *green box* sapagkat nagdudulot ito ng hindi pantay na kalakal sa pandaigdigang merkado. Karaniwang mga mayayamang bansa lamang kasi ang mga kakayahang magbigay ng ganitong uri ng suporta, kung kaya't

pagdating sa pamilihan parating dehado ang produkto ng mga papaunlad na bansa. Hindi kasi kaya ng huli na magbigay ng ganitong uri at antas ng suporta.

Bukod sa walang hangganan (limit), ang mga suporta sa ilalim ng *green box* ay hindi kinakailangang bawasan.

3. Export Competition

Ang *export competition* ang tumutukoy sa bahagi ng kasunduan kaugnay sa pagluluwas o peg-eeksport ng produktong agrikultural. Dahil nga ang mithiin ng WTO ay maseguro ang malayang pagdaloy ng produkto sa merkado ng mga bansa, dapat lamang na ang pagbabawas ng subsidyo para sa eksport ang maging pangunahing layunin ng kasunduan sa agrikultura. Kaya lang makikita natin sa susunod na talakayan na hindi naging agresibo ang kasunduan sa pagtatakda ng pagbabawas ng ganitong uri ng subsidyo.

Mahahati ang usapin sa *export competition* sa tatlong bagay. Ito ay ang *export subsidies*, *export credit guarantees* at *food aid*.

Export Subsidies

Ang *export subsidies* ay tumutukoy sa subsidyo na ibinibigay sa mga eksporter o sa mga nagluluwas ng produktong agrikultural. Halimbawa ng mga subsidyong ito ay:

- ❖ Kabayaranang binibigay sa mga neg-eeksport batay sa dami o halaga ng kanilang ini-eksport;
- ❖ Pagbebenta ng produktong pang-eksport sa mas mababang halaga kumpara sa normal nitong presyo
- ❖ Suporta sa *marketing cost* ng produktong pang-eksport
- ❖ Suporta sa transportasyon ng mga produktong pang-eksport
- ❖ Suporta sa mga produktong agrikultural na gagamitin (*input*) sa mga produktong pang-eksport

Ang mga subsidyong ito ay nakatakda bawasan. Para sa mayayamang bansa, ang alokasyon nila para sa ganitong uri ng subsidyo ay hindi dapat lumampas ng 64% ng subsidyong binigay nila noong 1986-1990, pagdating ng 2004. Samantala, para naman sa mga papaunlad na bansa, ang ganitong subsidyo ay hindi dapat lumampas ng 76% ng subsidyong binigay nila para din sa mga panahong nabanggit.

Kaugnay dito, itinakda din ng kasunduan na pagdating ng 2004, hindi dapat lumampas sa 64% ang dami ng eksport na mayroong subsidyo batay sa antas noong 1986-1990. Para naman sa papaunlad na bansa, hindi ito dapat lumampas sa 86%.

Malinaw sa mga probisyong ito na napakalaking antas pa rin ng subsidyo ang pinayagan ng kasunduan na manatili at pakinabangan ng mga mauunlad na bansa, bagay na nagamit nila upang pasukin ang mga merkado ng mga papaunlad na bansa na nagbukas dahil na rin sa probisyon ng kasulukuyang kasunduan sa agrikultura.

Export Credit Guarantees

Ang *export credit* ay tumutukoy sa pautang na binibigay mula sa mga nag-eksport bilang insentibo upang bilhin o angkatin ang kanilang produkto. Karaniwang mas maluwa ang kondisyon ng ganitong uri ng pautang kung ihahambing sa komersyal na pautang. Halimbawa, maaring mas mababa ang interes nito o di kaya ay mas mahaba ang panahon ng pagbabayad. Maari ring mababa na ang interes, mahaba pa ang panahon ng pagbabayad.

Ang ganitong uri ng pautang ay nagdudulot ng di pantay na kalakal. Para kasi sa mga umaangkat ng produkto o mga *importers*, mas mainam bumili sa isang bansa o eksporter na nagpapautang ng kanyang kalakal sa mas mababang interes o di kaya ay mayroong mas mahabang panahaon ng pagbababayad.

Walang malinaw na probisyon ang kasunduan hinggil sa pagbabawas ng ganitong uri ng pautang. Binaggit lamang nito na dapat ay makabuo ang mga kasapi ng WTO ng malinaw na disiplina kaugnay sa pagbibigay ng *export credits*.

Food Aid

Tulad ng pangalan nito, ang *food aid* ay tulong pampagkain na diumano'y ibinibigay, kadalasan ng isang maunlad na bansa, sa mga di maunlad at papaunlad na bansa. Bagama't sa unang tingin ay mukhang maganda ang layunin nito, malawak ang paniniwala na nakakasalanta ito sa agrikultura ng mga bansang tumatanggap nito. Malawak din ang pagtingin na nagagamit itong pamaraan upang itambak ang *surplus* o sobrang ani ng isang bansa patungo sa merkado ng tumatanggap na bansa.

Mayroong dalawang klase ng *food aid*. Ang una ay tulong ng binibigay ng libre at walang kapalit. Walang masyadong problema sa ganitong uri ng *food aid*.

Ang pangalawa ay ang *food aid* kung saan ang isang bansa ay maaring umangkat ng produktong pagkain at bayaran ito sa loob ng mahabang panahon. Halimbawa nito ay ang *Public Law 480* ng Estados Unidos kung saan suki ang Pilipinas. Sa ilalim ng ganitong programa, umaangkat ang Pilipinas ng mais, soya o bigas na babayaran nito sa loob ng 20 taon. Pagdating sa Pilipinas ng inangkat na produkto ay maari na itong ibenta ng

pamahalaan. Maari na rin nitong gamitin ang perang napagbentahan para sa mga proyekto. Dahil dito, malaki ang insentibo ng pamahalaan na umangat sa ilalim ng P.L. 480 kahit na mayroong sapat na lokal na suplay o produksyon. Sa Pilipinas, bukod sa masamang epekto ng ganitong importasyon sa maliliit na magsasaka, malaking usapin din kung saan napupunta o ginugugol ang pondong nakukuha mula sa pagbebenta ng produktong inangat sa ilalim ng P.L. 480.

Ayon sa kasunduan sa agrikultura, dapat tiyakin na ang pagbibigay ng *food aid* ay hindi nakatali sa pangako na aangat ang tumatanggap na bansa ng iba pang produkto mula sa *food aid donor*. Maliban dito, wala nang iba pang malinaw na disiplina ang kasunduan sa agrikultura kaugnay sa *food aid*.

Annex 5

Pumayag ang WTO na magbigay ng *exemption* o pagpapaliban sa taripikasyon para sa ilang produkto ng ilang mga bansa sa ilalim ng *Annex 5* ng Kasunduan sa Agrikultura. Ang bigas ng Pilipinas ay isa sa mga nakasama sa *Annex 5*. Dahil dito, hindi tayo obligado na tanggalin kaagad ang QRs sa ating pagkaing butil.

Gayunpaman bilang konsesyon sa liberalisasyon, mayroon tayong *minimum access volume* katumbas ng 3% ng ating pambansang konsumo sa bigas noong 1986-1988. Ang bigas na aangat sa ilalim ng *minimum access volume* ay papatawan ng taripa katumbas ng 50%.

Ang *exemption* sa ilalim ng *Annex 5* ay nag-*expire* noong 2005. Ang Pilipinas ay nakikipagnegosasyon ngayon upang panatilihin ang proteksyon sa nasabing produkto.

Module 2

MGA PUNA AT EPEKTO NG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA

Bago pa man ratipikahan ng Pilipinas ang *General Agreement on Tariffs and Trade*, marami na ang bumabatikos dito. Sa hanay ng mga magsasaka, nakikita nila na ang mga probisyon ng kasunduan sa agrikultura ay magdudulot lamang nang pagkawasak ng kanilang kabuhayan. Noon pa lamang kasi ay nakita na nila na dehado ang mga papaunlad na bansa sa nasabing kasunduan. Bagama't may sinasabing *Special and Differential Treatment* para sa mga papaunlad at di maunlad na bansa, kung pag-aaralang mabuti ang mga probisyon ng AoA, makikita na mas pabor ito sa mga mauunlad na ekonomiya.

Narito ang ilan sa mga pangunahing puna kaugnay sa probisyon at implementasyon ng kasunduan sa agrikultura.

1. Malawakang pagbubukas ng merkado ng agrikultura

Tulad ng nabanggit sa unang modyul, obligado ang mga bansang pumirma sa GATT na buksan ang kanilang mga merkado ayon sa itinakda ng kasunduan sa agrikultura. Para sa papaunlad na bansa tulad ng Pilipinas, binuksan natin ang ating merkado kahit na wala pang kakayahan ang ating mga prodyuser, lalo na ang maliliit na magsasaka, na makipagkumpitensya sa mas mura at kadalasa'y may subsidyong produkto mula sa ibang bansa.

Sa kaso ng Pilipinas, halimbawa, napilitan tayo na tanggalin ang QRs o tahasang pagbabawal sa importasyon sa halos 93 produkto, tulad ng gulay, karne, mais at iba pa, at palitan ito ng taripa. Noon pa mang 1994, naging malaki ang pinakitang pagtutol ng mga grupong magsasaka kaugnay dito sapagkat batid nila na dehado sila sa labanan sa merkado. Lubha kasing mababa ang antas ng suportang serbisyo na tinatamasa nila mula sa pamahalaan lalo na kung ihahambing sa suportang serbisyo at subsidyo na tinatanggap naman ng kapwa nila

magsasaka sa ibang bansa.

Obligado rin ang mga bansa na bawasan ang kanilang taripa ayon sa iskediyul na isinumite nila at itinakda ng WTO. Ang malungkot dito, sa kaso ng Pilipinas, mayroon tayong *Presidential Decree* 1464 o ang *Tariff and Customs Code of the Philippines*. Pinapako ng P.D. 1464 ang pinakamataas na taripa sa 100%, kung kaya't lahat ng pagbabawas natin sa taripa ay nagmumula sa 100%. Malayo ito sa kaso ng ibang mga bansa tulad ng Japan, Switzerland at marami pang iba na mayroong taripa na aabot o lampas pa ng 400%, kung kaya't mataas pa rin ang natitira nilang taripa kahit dumaan man ito sa iskediyul ng pagbabawas.

Ang pagbubukas ng Pilipinas sa merkado nito ay siyang naging sanhi ng pagbaha ng *imports* ng mga produktong agrikultural sa ating merkado. Noong 1993, bago tayo lumagda sa GATT ang pangkalahatang produktong agrikultural na inangkat o inimport natin ay umaabot lamang ng US \$1.6 bilyon. Ito ay lomobo patungong US \$3.2 bilyon noong 2003. Masasabing isa ito sa pinamalaking dahilan sa pagkalugi at paghirap ng kabuhayan ng marami sa ating magsasaka.

2. Pagpapanatili ng mataas na antas ng subsidyo para sa eksport

Kung susuriin natin ang probisyon ng kasunduan sa agrikultura hinggil sa subsidyo sa eksport, malinaw na hindi ito naging seryoso sa layuning gawing patas ang labanan sa merkado. Sa katunayan, pinapanatili nito ang pagbibigay na mataas na subsidyong pang-eksport. Sa partikular, hinahayaan nito ang mga mauunlad na bansa na magbigay ng subsidyo katumbas sa 64% subsidyong binibigay nito noong 1986-1990.

Totoo na mas mataas na porsyento o 76% ng *export subsidies* ang maaring mapanatili ng mga papaunlad na bansa. Ito ay bilang bahagi pa rin ng *special and differential treatment measures* ng kasunduan. Gayunpaman, wala ring masyadong gamit sa probisyong ito dahil na rin sa kakulangan sa pondo at kakapusan ng kakayahan ng mga papaunlad na bansa na makasabay sa mataas na subsidyong ibinibigay ng mga mayayamang bansa sa kanilang mga prodyuser.

Ang European Union ang mayroong pinakamalaking *export subsidies*. Mula 1995-2000, halos 92% o US\$29.3 bilyon ng pangkabuong subsidyo sa eksport ng mga bansang kasapi ng WTO ay nagmula dito. Ito ay sinsusundan ng Switzerland at Norway na nagbigay ng US \$1.8 bilyon halaga ng subdiyo at ng US na gumastos ng US\$487 milyon bilang tulong sa kanyang mga eksporter, sa loob ng nasabing panahon. Dalawampu't tatlong bansa ang nagbigay ng

subsidyo na katumbas ng US \$1.5 bilyon sa nasabing mga taon. Kabilang dito ang ilang mga papaunlad na bansa tulad ng Thailand, Pakistan, India, Korea at iba pa.

3. *Kawalan ng malinaw na disiplina kaugnay ng export credits at food aid*

Bukod sa pagbibigay ng subsidyo sa eksport, naging masigasig din ang mga mauunlad na bansa sa paggamit ng *export credit at food aid* upang pasukin ang merkado ng mga papaunlad na ekonomiya.

Halimbawa na rito ay ang patuloy na pagbibigay ng U.S. ng *food aid* sa ilalim ng P.L. 480. Mula 1991 hanggang 2001 ay umabot na ng US\$ 190 milyon halaga ng mais, bigas at soya ang inangat ng Pilipinas mula sa US sa ilalim ng programang ito, bagay na ikinalugi ng marami nating magsasaka nagtatanim ng palay at mais.

Gayunpaman, bagama't malinaw na ang ganitong uri ng suporta sa pagluluwas ng kalakal ay nagdudulot ng di pantay na labanan sa pandaigdigang merkado, walang malinaw na disiplina o alituntunin ang kasunduan sa agrikultura upang ipagbawal o bawasan man lamang ang mga ito.

4. *Pagbibigay ng pahintulot ng direct payments o diretsang pagbabayad sa mga prodyuser sa ilalim ng Green Box*

Matatandaan natin na ang *green box* ay tumutukoy sa mga suporta at programa ng pamahalaan na wala daw epekto sa kalakal at di nakabatay sa produksyon. Gayunpaman, marami ang naniniwala na ang *direct payments* o diretsong pagbabayad sa mga prodyuser na pinapayagan sa ilalim ng *green box* ay nagdudulot ng di pantay na labanan sa merkado. Marami ang nagsasabi na ang ganitong mga uri ng kabayaran ay nagbibigay bentahe sa prodyuser ng isang bansa. Pinapalakas nito ang kakayahan niyang makipagkumpetensya sa iba pang prodyuser mula sa ibang bansa.

Tulad sa kaso ng subsidyo, kadalasan ang mga mayayamang bansa lamang ang may kakayahang magbigay ng mga *direct payments*. Sa ganitong sitwasyon, hindi nakakapagtaka na agrabiyado ang mga magsasaka sa mga papaunlad at di manulad na bansa kumpara sa mga prodyuser mula sa mga mauunlad na bansa.

5. *Pag-abuso sa sanitary and phytosanitary measures ng mayayamang bansa upang pigilan ang pagpasok ng produkto sa kanilang mga merkado*

Isa sa mga pangakong magiging magandang epekto ng GATT ay

ang pagbubukas ng merkado ng mga mayayamang bansa para sa ating mga produktong pang-eksport. Ayon sa pamahalaan, ang liberalisasyon sa ilalim ng kasunduan sa agrikultura ang magsisilbing susi na siyang magpapasok sa ating mga produkto sa malawak na merkado ng ibang bansa. Mas marami tayong nailuluwas na produkto, mas malaking produksyon, mas maraming malilikhang hanapabuhay, mas aasenso ang kanayunan.

Sa kasamaang palad, hindi natupad ang pangakong ito. Bagama't nagbaba nga ng taripa ang mayayamang bansa, hirap pa rin tayong makapasok sa kanilang merkado. Ginagamit kasi ng ilang mga bansa ang tinatawag na *sanitary at phytosanitary standards* (SPS) upang pigilin ang pagpasok ng ating produkto sa kanilang merkado.

Ang SPS ay tumutukoy sa mga regulasyon ng isang bansa kaugnay sa pageseseguro na ang isang inangkat na produkto ay ligtas o walang pahamak na maaring idulot sa mga konsumer o sa ilang partikular na industriya nito. Kabilang dito ang mga regulasyon kaugnay sa pagbabawal ng pang-angkat na produkto na mayroong nakatakdang antas ng *aflatoxin* o anumang di ligtas na kemikal, pagbabawal ng produkto na inangkat mula sa isang bansa na mayroong partikular na klase ng peste at iba pa.

Ayon sa *Department of Trade and Industry* (DTI), maraming pagkakataon na hindi napapasok ng ating mga eksporter ang merkado ng ibang bansa kahit napakababa ng taripa ng mga ito dahil sa napakahigpit na *sanitary at phytosanitary measures* na ipinapatupad din ng mga ito.

Epekto sa Pilipinas ng Implementasyon ng Kasunduan sa Agrikultura

Sampung taon na ang nakalipas mula ng ipinatupad ng Pilipinas ang GATT-WTO. Magandang balikan at suriin kung nakamit nga ba natin mga benepisyong na sinasabing makukuha ng ating bansa sa ilalim ng kasunduan.

Maraming binitiwang pangako ang mga *economic advisers* natin habang pinagdedebatihan sa Senado ang pagsali natin sa GATT. Ayon sa kanila, siguradong uunlad ang ating agrikultura kung ipapatupad natin ang mga probisyon ng AoA. Sa partikular, tataas daw ang eksport dahil na nga sa pagbubukas ng merkado ng iba pang mga bansang sumang-ayon sa GATT. Kasabay ng pagtaas ng eksport ay ang pagdami ng trabaho at pag-inam ng produktibidad ng sektor. Kaakibat din daw nito paglaki ng kita ng ating mga lokal na prodyuser at ang pag-unlad ng kanayunan.

Ang magagandang pangakong ito ang kanilang naging sagot sa mga agam-agam ng mga magsasaka. Marami kasi sa ating maliliit na prodyuser ay tutol sa pagbubukas ng merkado. Lubha kasing kapos ang suportang serbisyo na natatanggap nila mula sa pamahalaan. Batid nila na hindi nila

kayang makipagsabayan sa mga prodyuser ng mayayamang bansa sapagkat napakataas ang antas ng subsidyo at suportang tinatanggap ng mga ito.

Sa kabila ng agam-agam at malawakang oposisyon ng mga maliliit na magsasaka laban sa GATT, nagpatuloy pa rin ang Senado na ratipikahan ang kasunduan. Mas binigyang halaga nila noon ang naging pagtanaw ng mga *economic advisers* kaugnay sa mga pangakong benepisyong makukuha natin mula sa pagpapatupad ng GATT.

Sa kasamaang palad, malinaw sa pagsusuri na hindi natupad ang mga pangakong ito. Sampung taon makalipas ang ratipikasyon, malinaw na naging dehado ang ating mag magsasaka sa labanan sa pandaigidigang merkado.

Nabaligtad ang tinatawag nating *agricultural trade balance*. Ang *agricultural trade balance* ay tumutukoy sa diperensya sa pagitan ng ating *imports* at eksports. Kapag mas mataas ang eksport kesa sa *import*, sinasabi na mayroon tayong *positive agricultural trade balance*. Ibig sabihin, mas marami tayong iniluwas na produktong agrikultural kumpara sa ating inangkat. Kapag mas mataas naman ang *imports* sinasabi na mayroon tayong *negative agricultural trade balance o agricultural trade deficit*. Nangangahulugan naman ito na mas marami tayong produktong binili mula sa ibang bansa kumpara sa ating ibenenta at iniluwas.

Mula sa positibong *agricultural trade balance* na US\$ 300 milyon noong 1993 ay nagkaroon tayo ng *agricultural trade deficit* na US\$ 900 milyon nitong 2003. Malinaw na imbis na makapagbenta o makapagluwas ng produktong agrikultural sa ibang bansa, tayo ang nabentahan. Lomobo ang halaga ng ating inangkat na produkto mula US\$ 1.6 bilyon patungong US \$3.2 bilyon sa mga panahon ding nabanggit. Kung ihahambing dito, malinaw na mahina ang naging pagtaas na eksport. Mula US \$1.9 bilyon ay tumaas lamang patungong US\$ 2.3 bilyon ang ating eksport noon ding mga panahong iyon.

Kaugnay nito, hindi rin nangyari ang inaasahang pagdami ng trabaho sa kanayunan. Mula sa inaasahang kalahating milyong trabahong madadagdag sa agrikultura kada taon bilang resulta ng inaasahang paglaki ng ating *export market*, tumaas lamang mula 11.14 milyon noong 1993 patungong 11.22 milyon nitong 2003 ang dami ng taong may trabaho sa agrikultura.

Epekto sa mga sektor

Mas kapansin-pansin ang naging epekto ng liberalisasyon sa mga sektor. Makikita natin ang nangyaring lalongbpagbaha ng mga inangkat na produkto sa ating bansa mula ng buksan ng pamahalaan ang ating mga merkado ayon na rin sa itinakda ng GATT. Makikita din natin ang pagbaba

ANG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA

ng antas ng paglago o *growth* ng ilang mga mahahalagang sektor sa agrikultura. Sa partikular, titingnan natin ang kaso ng mga magbababoy, magmamanok at maggugulay.

Kaso ng mga Magbababoy

- ❖ Tumaas ang importasyon mula 38 metrikong tonelada (mt) ng *imports* noong 1997 patungong 533 mt noong 2000.
- ❖ Bumilis ang paglaki o *average growth rate* ng importasyon ng baboy mula 7.0% noong panahong 1990-1994 patungong 134% noong 1995-2000.
- ❖ Bumaba ang *growth* o pag-unlad ng industriya ng pagbababoy mula 6.6% noong 1997

Kaso ng mga Magmamanok

- ❖ Tumaas ang importasyon ng *frozen chicken* mula 106 *metric tons* noong 1994 patungong 10,830 *metric tons* noong 2001.
- ❖ Bumaba ang *growth rate* o bilis ng pag-unlad ng sektor mula 11.27% noong 1996 patungong 5.39 % noong 2000.

Kaso ng mga Maggugulay

- ❖ Dumami ang importasyon ng gulay mula 42,000 *metric tons* noong 1995 patungong 115,000 *metric tons* noong 2000. Ito ay katumbas ng 152% paglaki ng importasyon.

**Table 1. PORK IMPORTATION
1991 - 2002 (Mt/\$)**

YEAR	Carcass		Processed		Offals		Total	
	Vol.(Mt)	Val.(\$)	Vol.(Mt)	Val.(\$)	Vol.(Mt)	Val.(\$)	Vol.(Mt)	Val.(\$)
TOTAL	66,036	76,222,790	34,901	49,595,910	100,937	124,818,700	201,874	250,637,400
1991	462	386,578	4	27,625	466	414,203	932	828,406
1992	417	356,275	140	30,456	557	386,731	1,114	773,462
1993	39	22,185	27	43,897	66	66,082	132	132,164
1994	238	216,229	94	320,861	332	537,090	664	1,074,180
1995	693	693,114	60	300,426	753	993,540	1,506	1,987,080
1996	4,285	6,724,723	834	1,271,260	5,119	7,995,983	10,238	15,991,966
1997	7,037	13,372,833	3,976	6,804,474	11,013	19,177,307	22,026	39,354,614
1998	6,904	8,215,629	3,614	6,107,509	10,518	14,323,138	21,036	28,646,276
1999	18,122	19,314,560	8,735	12,827,993	26,857	32,142,553	53,714	64,285,106
2000	15,785	15,773,591	5,830	5,771,108	21,615	21,544,699	43,230	43,089,398
2001	9,822	9,090,471	8,250	11,349,088	18,072	20,439,559	36,144	40,879,118
2002*	2,232	2,056,602	3,337	4,741,213	5,569	6,797,815	11,138	13,595,630

*As of April 2002

Source: Bureau of Agricultural Statistics

Table 2. FROZEN CHICKEN IMPORTATION, 1990 2001

YEAR	VOLUME (Tons)	VALUE (US\$'000CIF)	VOLUME GROWTH (%)	VALUE GROWTH (%)
1990	184	700		
1991	30	90	(83.9)	(87.1)
1992	8	27	(73.5)	(70.0)
1993	106	398	1,255.9	1,366.6
1994	198	1,367	86.5	243.6
1995	181	1,532	(8.4)	12.0
1996	199	405	9.9	(73.5)
1997	962	1,257	384.0	210.2
1998	2,417	2,738	151.1	117.8
1999	29,316	23,121	1,112.9	744.5
2000	16,529	19,748	(43.6)	(14.6)
2001	10,830	7,595	(34.5)	(61.5)

Note: 2000 imports were highly understated.
The USDA figures estimated about 24,000 tons

- ❖ Noong 2002, bumagsak ang presyo ng patatas mula Php 60 at repolyo mula Php 50 patungong Php 15 at Php 20 kada kilo.
- ❖ Bumaba din ang produksyon ng gulay mula P4.8 milyong tonelada noong 1996 patungong Php 3.3 milyong noong 2001.
- ❖ Ayon sa mga maggugulay ng Benguet, mula Hulyo hangang Agosto ng 2002, tinatayang aabot sa Php 2 bilyon ang nalugi dahil sa nawalang negosyo dulot ng liberalisasyon

Konklusyon

Kung papakinggan ang mga ekonomistang proponente ng GATT-WTO, hindi pa raw malinaw ang masamang epekto ng liberalisasyon sa mga sektor. Ayon sa kanila ang pagdami ng importasyon at pagbagal ng pag-unlad ng agrikultura ay mauugat raw sa kahinaan ng nasabing sektor at hindi dahil sa pagbubukas ng ating mga merkado. Ayon din sa kanila ang kawalan ng kakayahang makipagkumpitensya na ating mga magsasaka ang dapat nating bigyan ng pansin kung nais nating umunlad ang agrikultura.

Ayon naman sa mga grupong magsasaka at *non-governmental organizations*, tama lamang na bigyang pansin ng pamahalaan ang pagpapalakas ng mga sektor sa agrikultura. Sa katunayan, isa ito sa matagal na nilang panawagan sa pamahalaan. Pero malinaw din sa kanila, na hangga't wala pang binibigay na sapat na suporta upang palakasin ang kanilang kakayahang makipagsabayan sa ibang magsasaka sa pandaigdigang merkado, walang karapatan ang pamahalaan na buksan ang kanilang merkado at tanggalin ang natitirang proteksyon sa kanilang kabuhayan.

ANG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA

Malinaw sa sampung taong lumipas na hindi natupad ang mga benepisyong sinasabing makakamit ng bansa sa ilalim liberalisasyon. Ang mga aral sa loob ng isang dekadang implementasyon ng GATT-WTO, lalo na ng kasunduan sa agrikultura, ang siyang dapat maging gabay ng Pilipinas sa mga susunod na negosasyon at pag-uusap hinggil sa WTO.

Module 2

ANG JULY FRAMEWORK AGREEMENT AT ANG MGA USAPIN PATUNGO AT PINAGKAISAHAN SA MC6

Pagbabalik Tanaw

Nagpupulong ang WTO kada dalawang taon upang pag-usapan ang implementasyon ng mga kasunduan sa ilalim ng GATT. Ang mga pagpupulong na ito ay tinatawag na *ministerial meetings*. Buhat ng itatag ang WTO ay nagkaroon na ng anim na *ministerial meetings*. Ito ay ginanap sa Singapore noong 1996, sa Geneva (Switzerland) noong 1998, sa Seattle (United States) noong 1999, sa Doha (Qatar) noong 2001 at sa Cancun (Mexico) noong 2003. Ang pang-anim na *ministerial meeting* ay ginanap sa Hongkong mula ika 13-18 ng Disyembre 2005.

Battle in Seattle

Masasabing unang tumambad sa publiko ang krisis sa loob ng WTO noong pangatlong *ministerial meeting* sa Seattle. Sa kauna-unahang pagkakataon ay nagsalita ang mga papaunlad na bansa kaugnay sa pagkadismaya nila sa epekto ng liberalisasyon sa kanilang mga ekonomiya. Ito ay dulot na rin ng mga di pantay na probisyon ng mga kasunduan at ng implementasyon ng mga ito.

Kasabay ng *ministerial meeting* sa Seattle, naglunsad ng malakihang kilos-protesta ang iba't ibang grupong bumubuo ng *anti-liberalization movement*. Kabilang dito ang mga grupong magsasaka, manggagawa at NGOs mula sa Pilipinas. Naging madugo at marahas ang ginawang pagsupil ng Estados Unidos sa mga kilos-protesta.

Dahil sa nangyaring krisis sa loob at labas ng WTO ay hindi naging matagumpay ang plano nitong makapaglunsad ng isang *round* o serye ng bagong pag-uusap para sa pagbubuo ng bagong kasunduan.

Doha Development Round

Pagkatapos ng nangyari sa Seattle, minabuti ng WTO na ganapin ang

susunod na *ministerial meeting* sa Doha, Qatar. Marami ang nagsasabi na, kumpara sa ibang bansa, mas mahirap magsagawa ng kilos protesta dito dulot sa mahigpit na regulasyon ng pamahalaan nito.

Dito nga naging matagumpay ang WTO sa paglulunsad ng tinatawag na *Doha Development Round*. Nasa sentro raw ng *round* o susunod na serye ng negosasyon ang mithiin ng WTO na makatulong ang kalakal sa kaunlaran (*development*) ng mga bansa, lalo na ng mga di-maunlad at papaunlad na kasapi nito. Kaugnay nito, layunin din daw ng *round* na tugunan ang mga di pantay na probisyon at implementasyon ng kasulukuyang kasunduan.

Gayunpaman, marami pa rin sa mga grupong kumikilos laban sa liberalisasyon ang nababahala sa paglunsad ng *Doha Development Agenda* (DDA). Ayon sa kanila nakapaloob pa rin ang DDA sa buong balangkas ng liberalisasyon at patuloy na pagbubukas ng mga merkado, bagay na naging dahilan ng pagkasalanta ng kabuhayan ng maraming magsasaka sa mga papaunlad na bansa.

Cancun Collapse

Hindi nangyari ang inaasahang pagpapalaman sa *Doha Development Agenda* sa *Cancun Ministerial Meeting*. Sa halip na tugunan ang mga hinaing ng mga papaunlad na bansa, naging matigas ang paninindigan ng mga mayayamang bansa na mangibabaw ang kanilang interes sa negosasyon. Sa partikular, ayaw nilang pumayag na tanggalin ang subsidyo sa kanilang mga prodyuser.

Matatandaan na ang pagtanggap ng subsidyo ang isa sa mga pangunahing panawagan ng mga papaunlad na bansa. Ito kasi ang dahilan kung bakit maraming mga prodyuser mula sa mga papaunlad na bansa ang natatalo sa pandaigdigang merkado.

Bukod dito, nais din nilang isama sa negosasyon ang tinatawag na *Singapore issues*. Kabilang dito ang mga usapin tulad ng *competition policy*, *government procurement*, *trade facilitation* at iba pa. Tinawag itong *Singapore issues* dahil una itong napag-usapan sa *WTO Ministerial Meeting* sa Singapore noong 1996. Hindi pabor ang ang mga papaunlad na bansa sa pagsama na mga usaping ito sa loob ng WTO. Ayon sa kanila sapagkat pinapalawak nito ang sakop ng nasabing institusyon at binibigyan nito ng mas maraming armas ang mayayamang bansa sa pakikipagnegosasyon. Dagdag pa rito, marami sa papaunlad na bansa ang malaki ang agam-agam kaugnay sa pagbubukas ng lahat na aspeto ng kanilang ekonomiya sa liberalisasyon.

Ang kawalan ng konsensus sa mga isyung nabanggit ang dahilan kung bakit nangyari ang pagkabigo ng *Cancun Ministerial Meeting*.

Mga pormasyon sa loob ng WTO

Sa bawat negosasyon ay mayroong iba't ibang *power blocs* na nagtutulak ng kanilang adyenda. Sa Cancun *Ministerial Meeting* nakilala ang mga pormasyon na binubuo at nagdadala ng adyenda na papaunlad na bansa.

Narito ang ilan sa mga *power blocs* na naging aktibo noong negosasyon sa Cancun, partikular sa kasunduan sa agrikultura:

United States (US)

- ❖ Agresibong pagbubukas ng mga merkado
- ❖ Pagpapanatili ng mga subsidyo

European Union (EU)

- ❖ Pagpapanatili ng proteksyon sa merkado para sa ilang mga piling produkto na mahalaga sa kasapian nito
- ❖ Pagpapanatili ng mga subsidyo

G20

- ❖ Pagtatanggal ng subsidyo sa eksports
- ❖ Malaking pagbabawas sa *domestic support* ng mga mayayamang bansa
- ❖ Ito ay binubuo ng Argentina, Bolivia, Brazil, Chile, China, Cuba, Egypt, Guatemala, India, Indonesia, Mexico, Nigeria, Pakistan, Paraguay, Philippines, South Africa, Thailand, Venezuela, Zimbabwe

G33

- ❖ Pagbibigay proteksyon sa piling produkto ng mga papaunlad na bansa sa pamamagitan ng mga mekanismo tulad ng *Special Products at Special Safeguards Mechanisms*
- ❖ Ito ay binubuo ng Barbados, Botswana, China, Cuba, Congo, Cote D'Ivoire, Dominican Republic, Haiti, Honduras, Indonesia, Jamaica, Kenya, Korea, Mauritius, Mongolia, Mozambique, Nicaragua, Nigeria, Pakistan, Panama, Peru, Philippines, Senegal, Sri Lanka, Tanzania, Trinidad & Tobago, Turkey, Uganda, Venezuela, Zambia, Zimbabwe

G10

- ❖ Pagpapanatili ng proteksyon sa ilang mga sensitibong produkto ng kasapian nito
- ❖ Ito ay binubuo ng Bulgaria, Iceland, Israel, Japan, South Korea, Liechtenstein, Mauritius, Norway, Switzerland, Chinese Taipei

Ang July Framework Agreement

Pagkatapos ng nangyaring pagkabigo sa Cancun, naging masigasig ang pamunuan ng WTO na isalba ang natitirang kredibilidad ng nasabing institusyon. Naiintindihan nito na magiging mahirap kumbinsihin ang mga kasapi ng WTO na sumang-ayon sa isang kasunduan na mayroong malinaw at detalyadong mga probisyon. Batid kasi nito na wala pang pagkakaisa ang mga miyembro ng WTO sa maraming aspeto nang negosasyon. Dahil dito naglabas ang *General Council* ng isang dokumento na tinatawag na *July Framework Agreement*. Ang *framework agreement* na ito ang naglalaman ng mga batayang prinsipyo ng siyang gagabay sa mga darating na negosasyon. Maliban sa ibang bahagi ng nasabing papel, wala itong detalyadong probisyon kaugnay sa ilang maiinit na usapin, kung kaya't naging madali itong tanggapin ng pangkalahatang kasapian na WTO.

Proseso ng pagbubuo ng July Framework Paper

Marami ang bumabatikos sa naging proseso ng pagbubuo ng *July framework paper*. Ito kasi ay naging bunga ng tinatawag na *Five Interested Parties (FIPs) process* na labas sa pormal na proseso ng WTO. Ang FIPS ay pinamunuan ng EU at U.S. Inimbitahan nila ang Brazil, India at Australia upang pag-usapan ang kalagayan ng negosasyon at maghanap ng paraan upang makausad ito pagkatapos maantala sa Cancun. Ang Brazil at India, bilang bahagi ng G20 at G33, ay mahalaga sa prosesong ito sapagkat sila ang kumakatawan ng mga grupo ng mga papaunlad na bansa na nanindigan sa nakaraang *ministerial meeting*. Tunay nga, ang pagsali nila sa FIPs ay nakapagpadulas ng pagtanggap ng mga pangkalahatang miyembro ng WTO sa *July Framework Agreement*.

Laman ng July Framework Agreement

Tulad ng mga naunang pagtalakay, hahatiin natin ang diskusyon ng *July Framework Agreement* sa tatlong haligi (*pillars*). Ito ay ang *market access, domestic support at export competition*.

Market Access

Sa ilalim ng *market access*, malinaw na ang layunin ng *framework paper* ay ipagpatuloy ang liberalisasyon sa pamamagitan ng dagdag na pagbubukas ng merkado ng mga bansa. Hinahati ng dokumento ang mga produkto sa tatlo, batay sa antas ng liberalisasyon ng mga ito:.

1. Pangkalahatang produktong agrikultural

Ang unang bahagdan ay para sa mga ordinaryong produktong agrikultural na nakatakdang bawasan ang mga taripa. Hindi nagsaad

ang *framework paper* ng antas ng pagbabawas na taripa o buwis para sa mga produktong ito. Ipapaubaya na lamang daw ito sa mga susunod na negosasyon. Ang malinaw dito ay ang prinsipyo na ang bawat bansa ay nakatakda at inaasahang magbawas ng taripa sa lahat ng produkto na mapapasailalim sa bahagdang ito.

2. *Sensitive Products*

Ang pangalawang bahagdan ng produktong agrikultural ay ang tinatawag na *sensitive products*. Dito pumapasok ang konsepto ng *substantial improvement* kung saan imbis na babawasan ang taripa ng isang sensitibong produkto ay lalakihan na lamang ang *minimum access volume* nito o di kaya naman ay bababaan *in-quota tariff rate*.

Matatandaan natin na ang MAV ay tumutukoy sa laki o dami ng produkto na inaangkat sa mas mababang taripa. Ang pagtaas na laki o dami na maaring angkatin sa lalim ng MAV ay tinatawag na *MAV expansion*. Samantala, ang *in-quota tariff rate* naman ay ang taripa na ginagamit sa mga produktong inangkat sa loob ng MAV. Ito ay mas mababa kumpara sa normal na taripang ipinapataw sa karaniwang importasyon. Ang pagbaba ng taripa para sa mga produktong inangkat sa ilalim ng MAV ay tinatawag na *in-quota tariff reduction*.

Alinsunod pa rin sa prinsipyo ng *substantial improvement*, maari gumamit ang isang bansa ng kumbinasyon ng pagbabawas ng taripa o TRQ *expansion* at *in-quota tariff rate reduction*. Kapwa maaring magdeklara ng *sensitive products* ang papaunlad at mauunlad na bansa.

3. *Special Products*

Ang pangatlong bahagdan ay ang tinatawag na *special products* o SPs. Ang SPs, kasama ng SSM na tatalakayin mamaya, ay isa sa mga adbokasiya ng *Group of 33*. Walang malinaw na probisyon ang *framework paper* kung paano ang patakaran kaugnay dito.

Ayon sa *paragraph 41* ng *framework agreement*, ang SPs ay mga produktong mahalaga sa seguridad sa pagkain, kabuhayan ang pangkaunlarang kanayunan ng mga papaunlad na bansa. Tulad ng ilang pang usapin, ang detalye daw nito ay bubuuin na lamang sa mga susunod na pag-uusap ng mga miyembro ng WTO.

Gayunpaman, maingat ang mga papaunlad na bansa sa ilalim ng G33 na ipakita na *stand alone provision* ang SP. Ibig sabihin, ayaw nilang tingnan ang SPs bilang bahagi ng buong programa ng *market access*. Ayon sa kanila, ang SP ay isang importanteng *special and differential treatment* na malaki ang epekto sa ekonomiya ng mga papaunlad na bansa kung kaya't hindi ito dapat isama sa pangkalahatang diskusyon ng nasabing pillar.

Export Competition

Bilang konsesyon sa panawagan ng mga papaunlad na bansa, binaggit ng dokumento ang layunin na tanggalin ang lahat ng subsidyo sa eksport pagdating ng isang “*end date*”. Gayunpaman hindi nito nagbigay ng tiyak na taon o petsa para sa pagtatanggal ng nabanggit na subsidyo. Isa ito sa mga bagay na pag-uusapan sa darating na negosasyon.

Nagtakda din ang kasunduan na ilang gabay hinggil sa paglalagay ng disiplina sa *export credits, export credit guarantees at insurance programmes*. Sa partikular, binabanggit nito na hindi dapat lalampas sa *180 days ang repayment period* o panahon ng pagbabayad ng mga ito upang hindi itong maituring na subsidyo. Ang iba pang mga uri ng disiplina kaugnay ng mga ito ay kasama sa mga dapat na pinuhin sa mga susunod na pag-uusap sa loob ng WTO.

Wala namang malinaw na probisyon ang kasunduan hinggil sa pagtrato ng *food aid*. Binanggit lamang ng dokumento na dapat magkaroon ng sapat na disiplina para dito. Tulad ng iba pang aspeto ng *framework agreement*, ang detalye ng mga disiplinang ito ay ipapaubaya na raw sa mga susunod na talakayan kaugnay sa pagbubuo ng bagong kasunduan.

Domestic Support

Ito ang mga pangunahing probisyon ng *July Framework Agreement* kaugnay sa domestic support:

1. *Pagbabawas ng over-all o total trade-distorting support (OTDS). Ang bansang mayroong mataas na antas ng suporta ay inaasahang mas mataas ang gagawing pagbabawas.*

Ang *over-all trade distorting support* ay resulta ng pinagsamang *de minimis*, suporta sa ilalim ng *Blue Box* at suporta sa ilalim ng *Amber Box* (tinatawag ding *Aggregate Measure of Support*). Ayon sa *framework agreement*, hindi dapat lumamapas sa 80% ng OTDS o pangkabuoang antas ng subsidyo ang maaring ibigay ng isang bansa sa una at susunod na taon ng implementasyon.

Dapat bigyang pansin na ang komputasyon ng OTDS ay nakabatay sa tinatawag na *bound levels* o itinakdang pinakataas na maaring ibigay na suporta ng isang bansa sa kanyang mga prodyuser. Karaniwang mas mataas ang *bound levels* kumpara sa *applied* o aktwal na lebel na subsidyo. Dahil dito, lalabas na mas mataas ang OTDS kumpara sa aktwal o kasulukuyang antas na suportang ibinibigay ng mga bansa. Tunay nga, ayon sa komputasyon ng IPC, kung gagamitin ang pormulang nakasaad sa *framework agreement*, maari pang magbigay ang mga bansa ng suporta nang higit pa sa binibigay nila

ngayon. Sa kaso ng Estados Unidos at European Union nagbigay ito ng suportang katumbas nang US \$24.6 M at US \$73.2 M noong 2000. Pero kung gagamitin ang pormula ng pagbabawas sa ilalim ng *framework agreement*, imbis na bawasan, maari pang magbigay ang nasabing mga bansa ng US\$ 38.1 M (para sa US) at US\$ 91.1 M (para sa EU).

Skedyul ng Subsidyo ng ilang mga Bansa

Bansa	Subsidyo ng 2000	Subsidyong maaring ibigay sa ilalim ng framework agreement	Subsidyong maaring ibigay pagkatapos ng 20% pagbabawas
US	US \$ 24.6	US \$ 47.6	US \$ 38.1
EU	US \$ 73.2	US \$ 113.9	US \$ 91.1
Japan	US \$ 6.8	US \$ 45.8	US \$ 36.7

Source: IPC and WTO (G/AG/NG/S/1 at G/AG/NG/S/12)

Sa ganitong kalagayan, malinaw na walang katuparan ang panawagan ng mga papaunlad na bansa na tunay na gawing patas ang labanan sa merkado. Patuloy pa rin kasi ang mangayayaring pagbibigay ng mayayamang bansa ng malalaking subsidyo na siya namang nagdudulot ng di pantay na kalakal.

2. *“Box shifting” sa pamamagitan ng pagpapalapad ng Blue Box*

Matatandaan natin na ang MAV ay tumutukoy sa dami o laki ng produkto ng inaangkat ng isang bansa sa mas mababang taripa. Samanala, ang *in-quota tariff rate* naman ay ang taripa na ginagamit sa mga prodktong inangkat sa loob ng MAV. Ito ay mas mababa kumpara sa normal na taripang ipinapataw sa karaniwang importasyon.

Ang pagbabawas ng subsidyo sa ilalim ng *amber box* ay nagtulak sa ilang bansa tulad ng US na maghanap ng ilang pamamaraan upang panatilihin ang kanilang suporta sa kanilang mga magsasaka. Matatandaan na sa ilalim ng dating kasunduan sa agrikultura, ang *blue box* ay maari lamang gamitin para sa mga tinatawag na *production limiting programmes* o mga programa na nakakapagpaliit ng produksyon. Dahil dito, maraming mga bansa ang hindi nakakagamit dito. Kabilang na rito ay ang U.S. na mula 1996 ay hindi nakapagbigay ng suporta sa ilalim ng kahong ito. Dahil dito, itinulak nito na baguhin ang depinisyon ng mga suportang maaring pumasok sa ilalim ng *blue box* upang sa gayon ay mailipat dito ang suportang dati nitong binibigay mula sa *amber box*.

Bukod dito, itinakda din ng *framework agreement* na maaring magbigay ang isang bansa na suporta sa ilalim ng *blue box* na katumbas ng 5% ng pangkalahatang halaga ng produksyong agrikultural nito. Kumbaga parang nagkaroon ng dagdag na *de minimis* ang mga bansa.

Dahil sa mga probisyong ito, nagkaroon ang mga mayayamang bansa tulad ng U.S. ng pagkakataong panatilihin ang mataas na antas ng subsidyo sa kanilang mga magsasaka, taliwas sa sinasabing mithiin ng WTO na pantay na kalakal para sa lahat.

Mga usapin sa MC6

Noong Disyembre 2005 ginanap ang ika-anim na pagpupulong ng WTO sa Hongkong (MC6). Upang makumpleto ang tinatawag na *Doha Development Round*, dapat ay mabuo ang *modalities* o mga detalyadong patakaran kaugnay ng bagong kasunduan. Sa partikular, dapat palamnan ang mga probisyon na inilatag sa *July Framework Agreement*. Narito ang ilan sa mga maiinit na usapin na tinatalakay sa loob ng WTO, bilang bahagi ng negosasyon at preparasyon para sa MC6.

Market Access

Ang market access ang pinaka-kontrobersyal na bahagi ng kasunduan. Ilan sa mga usapin sa ilalim ng pillar na ito ay ang isyu na *tariff reduction*, *tariff harmonization*, *tariff simplification* at *tariff escalation*.

Tariff harmonization at reduction

Bagama't sinasabing nagkaroon ng pagbubukas ng mga merkado ang mga bansang kasapi ng WTO buhat nang simulan ang implemetasyon ng GATT noong 1994, meron pa ring mga ilang bansa ang naging matagumpay sa pagbibigay na mataas na proteksyon para sa ilang nilang mga piling produkto. Gumamit ang mga bansang ito ng tinatawag na *tariff peaks* o mataas na taripa upang pigilan ang pagpasok ng kakumpetensyang produkto mula sa ibang bansa. Ang mga kasapi ng G10 tulad ng Japan at Norway ay halimbawa ng mga bansang mayroong *tariff peaks*.

Dahil nga ang layunin daw ng WTO ay siguraduhin ang malayang pagdaloy ng produkto sa pagitan ng mga bansa, isa sa mga mithiin ng *framework agreement* ay magkaroon ng *harmonization* o paglalapit ng mga antas ng mga taripa ng mga bansang kasapi ng WTO. Dahil dito, isa sa malalaking hamon sa MC6 ay kung paano papababain ang *tariff peaks* upang mapalapit ito sa normal o pangkaraniwang antas ng taripa ng kalakhan ng kasapi ng WTO.

Uruguay o Linear fomula

Isa sa pinakamahalagang usapin sa negosasyon ay kung ano pamamaraan ang dapat gamitin ng WTO upang ipatupad ang probisyon ng *framework agreement* kaugnay sa pagbubukas ng mga merkado. Sa kasulukuyan ay mayroong dalawang pamamaraan ng pagbabawas ng taripa. Ang una ay ang tinatawag na *Uruguay Round formula*. Tinawag itong *Uruguay formula* dahil nakabatay ito sa patakaraan ng nasabing round kung saan ang pagbabawas ng taripa ay nakabatay sa isang nakatakandang porsyento at pinapatupad sa loob ng takdang haba ng panahon. Halimbawa, kung ang taripa ng isang produkto ay 100% at ito ay dapat bawasan ng 50% sa loob ng 10 taon, nangangahulugan ito na sa ika-sampung taon hindi dapat hindi tataas sa 50% ang taripa ng nasabing produkto.

Ang pagkakaiba nito sa dating pormulasyon ng *Uruguay Round* ay ang pagkakaroon ng iba't ibang bahagdan ng pagbabawas ng taripa batay sa kasulukyang antas nito. Kapag mas mataas ang taripa, mas mataas din ang nakatakandang pagbabawas nito. Sa ganitong paraan, inaasahan na mangyari ang *harmonization* o pagkakalapit-lapit o pagpapantay ng mga taripa.

Bilang bahagi ng *Special and Differential Treatment* ang papaunlad na bansa at mauunlad na bansa ay mayroong magkakaibang grupo ng bahagdan kung saan lalabas na mas mataas ang gagawing pagbabawas sa mga mayayamang bansa.

Swiss formula

Samantala ang *Swiss formula* naman ay tumutukoy sa paggamit ng isang *formula* kung saan ang *coefficient* (isang bahagi ng *formula*) ang magtatakda ng lalim ng pagbabawas na taripa ng isang produkto. Sinasabi na mas mainam ang *Swiss formula* kung ang layunin ay tugunan ang isyu ng *tariff peaks*. Mas malaki at mabilis kasi ang mangyayaring pagbabawas sa taripa kung ito ang gagamitin kumpara sa *Uruguay formula* kung saan ang pagbabawas na taripa ay nakakalat sa loob ng nakatakandang bilang ng taon.

Bilang *special and differential treatment*, magkakaiba ag gagamiting *coefficient* para sa mga papaunlad at mauunlad na bansa. Ang magkakaiba kasing *coefficient* ay magreresulta rin sa magkakaibang antas ng pagbabawas ng taripa.

G20 proposal

Mainit ang debate sa WTO kung alin sa dalawang *formula* ang gagamitin para sa pagbabawas ng taripa. Kaugnay nito, naglabas ang G20 ng *market access proposal* noong nangyaring *mini-ministerial meeting* sa

Dalian, China noong Hunyo 2005. Sa *proposal* na ito, ginamit ng G20 ang Uruguay o *linear formula*. Nagtakda ito ng limang bahagdan para sa mga papaunlad na bansa at apat na bahagdan para sa mga mauunlad na bansa.

Upang tugunan ang *tariff peaks* at makamit ang prinsipyo ng *harmonization*, naglagay ito ng tinatawag na *tariff caps*. Ito ay tumutukoy sa pinakamataas na taripa na maaring gamitin ng isang bansa. Ayon sa koalisyon, hindi dapat lumampas sa 150% ang taripa ng papaunlad na bansa. Samatala hindi rin dapat lumampas sa 100% ang taripa ng mga mayayamang bansa.

Ang G20 paper ang siyang sinasabing *middle ground paper* sa usapin ng *market access*. Noong nakaraang pagpupulong ng General Council noong Hulyo 2005, itinakda ito bilang dokumentong magiging batayan ng talakayan kaugnay sa probisyon sa *market access* ng kasunduan sa agrikultura. Gayunpaman, hindi lahat ay pabor dito. Sa katunayan, noong din sa nasabing pulong, malinaw na idineklara ng G10 na hindi nito matatanggap ang nasabing papel bilang *middle ground paper* dahil sa probisyon nito kaugnay sa *tariff cap*. Ang mga miyembrong kasapi kasi ng G10 ang mayroong mga **tariff peaks** na tatamaan kapag ginamit ang *tariff caps*.

Tariff simplification

Mayroong dalawang uri ng taripa. Ang una ay ang tinatawag na *ad valorem tariffs*. Ito ay nakabatay sa halaga ng produktong inaangkat. Halimbawa, kung ang presyo ng isang produkto ay Php100, at ang *ad valorem taxes* ay nakatakda sa 50%. Ang lalabas na taripa nito ay katumbas ng 50% ng Php100 o Php50. Sinasabi na mas *transparent* o malinaw ang *ad valorem tariffs* sapagkat tiyak at madaling maintindihan ang batayan ng komputasyon nito.

Ang pangalawang klase ng taripa ay ang tinatawag na *non-ad valorem taxes*. Ito ay ang taripa na hindi nakabatay sa halaga ng produktong inaangkat. Halimbawa nito ang pagpapataw ng taripa ayon sa dami o yunit ng inangat na produkto, tulad ng pagpapataw ng Php5 kada kilo ng saging o di kaya ay ay Php1000 taripa kada tonelada ng asukal. Ayon sa iba hindi gaanong malinaw ang batayan ng komputasyon ng *non-ad valorem taxes*.

Matatandaan na ang mga pormula kaugnay sa pagbabawas ng taripa ay nakabatay sa *ad valorem tariffs*. Dahil dito, mahirap malaman kung ano ba ang antas ng pagbabawas na taripa sa isang produkto kung ang ginagamit nito ay *non-ad valorem taxes*. Sa ngayon ay pinipino ng WTO ang mekanismo ng paghahanap ng paraan upang malaman ang katumbas na *ad valorem taxes* o *ad valorem equivalents* (AVEs) ng mga kasulukuyang *non-ad valorem taxes*. Ang prosesong ito ay tinatawag na *tariff simplification*.

Tariff escalation

Maraming mga pagkakataon na mas mataas ang taripang pinapataw sa pag-angat ng mga *finished o processed products* kumpara sa pag-angat ng *raw materials o semi-processed products*. Ang ganitong pagkakaiba ng taripa ay nagsisilbing disentibo sa mga bansa na magluwas ng mga *processed products*.

Mahalaga itong usapin lalo na sa mga papaunlad na bansa na naglalayong palakihin ang halaga ng kanilang mga produkto sa pamamagitan ng pagpu-proseso nito. Lalabas kasi na mas mahirap para sa kanila na ipasok o iluwas ang *processed products* sa merkado na ibang bansa dahil nga mas mataas ang taripa para rito kumpara sa *raw materials*. Walang malinaw na probisyon ang *framework agreement* kaugnay dito, maliban na lamang sa deklarasyon nito na tutugunan nito ang nasabing isyu.

Special Products and Special Safeguards Measures

Ang usapin ng *Special Products* at *Special Safeguards Mechanism* ang pangunahing adbokasiya ng G33. Tulad ng nabanggit kanina, ang *Special Products* o SPs ay tumutukoy sa mga produkto na lubhang mahalaga sa seguridad sa pagkain, kabuhayan at kaunlarang pangkanayunan ng mga papaunlad na bansa, kung kaya't dapat na proteksyunan ang mga ito.

Samantala ang *special safeguards mechanism* naman ay isang pamamaraan upang bigyang proteksyon ang mga prodyuser sa mga papaunlad na bansa kapag masyadong tumaas ang dami o laki ng importasyon ng isang produktong agrikultural o di kaya ay masyadong bumaba ang presyo nito.

Walang malinaw na probisyon ang *July Framework Agreement* kaugnay sa implementasyon ng SP at SSM. Dahil dito, nanguna ang G33 sa pagpapalaman kung ano ang nakikita nitong mga probisyon kaugnay ng mga nasabing mekanismo.

Sa pagpupulong ng G33 na ginanap sa Jakarta, Indonesia noong Hunyo 2005, nagkasundo ang kasapian ng nasabing koalisyon sa ilang mga bagay:

1. Ayon sa koalisyon, dapat magkaroon ang mga papaunlad na bansa ng karapatang piliin kung alin sa mga produkto nito ang dapat na ituring na *Special Products*, basta't hindi ito lalampas sa pangkalahatang *criteria* o pamanatayang nakasaad sa *framework agreement*. Ang mga *criteria* na ito ay: seguridad sa pagkain, kabuhayan at kaunlarang pangkanayunan.

Ayon pa rin sa kanila, lubhang magkakaiba ang antas ng kaunlaran at sitwasyon ng mga sektor agrikultural ng mga papaunlad na bansa kung kaya't impossible na maglapat na detalyado at unipormeng

pamatayan sa pagpili ng mga SPs.

2. Sinabi din ng G33 na hindi dapat bawasan ang taripa ng mga SPs, dahil na rin sa kahalagahan nito sa ekonomiya ng mga papaunlad na bansa.
3. Hinggil sa SSM, nagtakda ang G33 ng *triggers* na siyang magsisilbing gabay kung dapat bang magpataw ng karagdagang buwis o di kaya ay magpatupad ng panandaliang QRs upang ibang proteksyon ang prodyuser ng isang partikular na produkto. Ang *triggers* ay nakabase sa presyo (*price triggers*) o dami/laki (*volume triggers*) ng inangkat na produkto mula sa nakaraang tatlong taon.

Domestic Support

Ayon sa prinsipyong nilatag ng *framework agreement*, inaasahan na ang mga bansa na mayroong pinakamataas na antas ng subsidyo ang siya ring dapat mayroong pinakamalaking pagbabawas nito. Ito ay hindi kaiba sa konsepto ng *harmonization sa market access pillar* ng kasunduan sa agrikultura.

Ang debate ngayon sa loob ng WTO ay kung paano ang iskema na gagawing pagbabawas ng *total trade distorting support*. Mayroong mga panukala hinggil sa paggamit ng mga *tiers* o bahagdan kaugnay ng antas ng pagbabawas. Ilan sa mga usapin kaugnay nito ay kung ibabatay ba ang pagbabahagdan sa *absolute* (aktwal na laki ng subsidyo) o *relative* (laki ng subsidyo kumpara sa laki ng sektor agrikultura ng isang bansa) na antas ng subsidyo. Kaugnay ito ng pag-uusap kung sino sa mga bansang mayroong malaking suporta sa kanilang mga magsasaka ang dapat mapunta sa una, pangalawa at pangatlong bahagdan ng pagbabawas ng subsidyo. Kung gagamiting batayan ang *absolute subsidy* malinaw na ang EU ang dapat nasa unang bahagdan kasunod ng Japan at ng U.S. Kung titingnan naman ang subsidyo bilang bahagi na produksyon sa agrikultura, lalabas na ang Norway ang pinakamalaki ang suporta, kasunod ang Switzerland, Japan EU, Canada, U.S. at South Korea.

Mga Pinagkaisahan sa MC6

Noong Disyembre 2005 ay ginanap ang ika-anim na WTO *Ministerial Meeting* sa Hong Kong. Mahalaga para sa WTO ang pulong na ito. Matatandaan na sa Cancun, Mexico ay nabigo itong makabuo ng konsensus para sa isang bagong kasunduan na siyang papalit sa kasukuluyang kasunduan, bagay na itinuturing ng marami na hudyat na ng pagkalusaw ng nasabing *multilateral* na institusyon. Dahil dito, kailangang patunayan ng WTO na may sapat pang pagkakaisa ang mga miyembro nito para isulong ang adyenda ng liberalisasyon at kumpletuhin ang sinasabing *Doha Development Round*.

Bago pa man sumapit ang Disyembre, malakas na ang ugong na walang mangyayaring bago at detalyadong kasunduan sa Hong Kong. Ito ay batay na rin sa kawalan ng konsensus ng mga miyembro sa mahahalang aspeto ng negosasyon. Malinaw sa nilabas na *Hong Kong Declaration* na marami pa ring punto ng di pagkakaisa ang kasapian ng WTO hinggil sa mga importanteng detalye ng kasunduan.

Sa kabuoan, nakaangkla pa rin ang *Hong Kong Declaration* sa pangkalahatang mithiin ng WTO na ipatupad ang liberalisasyon ng kalakal sa pagitan ng mga bansang miyembro nito. Malinaw din sa deklarasyon na hindi nito lubusang ipagbabawal at tatanggalin ang lahat ng subsidyo na siyang nagdudulot ng di pantay na kalakal sa pandaigdigang merkado.

Sa partikular, narito ang ilan sa mga detalye ng nilabas na deklarasyon sa Hong Kong hinggil sa agrikultura:

1. Nagtakda ito ng tig-aapat na bahagdan para sa pagbabawas ng taripa para sa mga mauunlad at papaunlad na bansa. Ang detalye hinggil sa mga bahagdan ay pag-uusapan pa sa mga susunod na negosasyon sa Geneva;

2. Itinakda nito ang 2013 bilang huling taon para sa pagtanggap ng subsidyo sa eksport, sa kabila ng panawagan ng maraming papaunlad na bansa na itakda ito sa 2010;

3. Hindi ito nagtakda na malinaw na disiplina at iskedyul ng pagtanggap ng *trade distorting domestic support*, lalo na sa *blue box*;

4. Bagama't nilinaw nito na maaring mamili ang mga papaunlad na bansa ng kanilang *special products* (SPs), hindi nito itinakda kung ilang porsyento ng mga produkto ang maaring maging SPs. Gayundin, iniwasan nitong tugunan ang panawagan ng mga papaunlad na bansang miyembro ng G33 na hindi dapat bawasan ng taripa ang mga SPs.

5. Wala itong malinaw na probisyon hinggil sa implementasyon ng *Special Safeguard Mechanisms* (SSM) maliban na lamang sa pagsabi ng magkakaroon ito ng *price at volume triggers*.

ANG KASUNDUAN SA AGRIKULTURA

Malinaw na magiging mahalaga ang mangyayaring negosasyon sa Geneva sa taong 2006. Mahalaga na maging mapagmatyag at aktibo sa pagkilos ang lahat upang bantayan at isulong ang interes ng nakararami sa agrikultura sa darating na negosasyon.

TALAN NG MGA IMPORTANTENG SALITA

A

Amber Box (o aggregate measure of support), p.14

Annex 5, p.18

Ad valorem tariffs, p.36

Applied rate tariffs, p.12

B

Blue Box, p.15

Bound rate tariffs, p. 12

Box Shifting Tactics, p.33

C

Cancun Ministerial, p.28

Coefficient, p.35

Comparative Advantage, p.9

D

De Minimis, p.14

Direct payments, p.15

Doha Development Agenda, p.28

Domestic Support, ps.11,32,38

E

Export Competition, ps.16, 32

Export Credit Guarantees, ps. 16, 32

Export Subsidies, p.16
European Union, ps.20,29

F

Five Interested Parties (FIPs), p.30
Food Aid, ps.17,21
Free trade, p.9

G

General Agreement on Tariffs and Trade (GATT), ps.7-8
Green Box, p.15
G20, ps.29,36
G33, ps.29,36
G10, ps.29

J

July Framework, p.30

M

Market access, ps.11,13,30,34
Minimum Access Volume (MAV), ps.18,31
Ministerial Conference 6 (MC6), ps.34-39
Ministerial Meetings, p.29
Most-favoured Nation (MFN), p.8
Multilateral Trading System, p.8

N

National Treatment, p.9

O

Over-all Trade Distorting Support, p.32

P

Pillars, p.30

Q

Quantitative Restrictions, p.11

S

Sanitary and Phytosanitary Standards (SPS), p.22

Seattle, p.27

Singapore Issues, p.28

Single Undertaking principle, p.9

Sensitive Products, p.31

Special Products, ps.31,37

Special and Differential Treatment, ps.31,35

Special Safeguards Measures, ps.13,37

Swiss Formula, p. 35

T

Tarifa, p.11

Tariff and Customs Code of the Philippines, p.20

Tariff cap, p.36

Tariff escalation, p. 37

Tariff peaks, p.36

Tariff Harmonization/reduction, p.34

Tariff simplification, p.36-37

Triggers, p.38

TRQs, ps.12-13

U

United States of America (US), p.29

Uruguay formula (also Linear Formula), p.35

W

World Trade Organization (WTO), p.8